


Senior High School



FILIPINO SA PILING LARANGAN - AKADEMIK

**Kuwartar 1 – Modyul 2:
Mga Hakbang sa Pagsulat ng
Iba't Ibang Akademikong
Pagsulat**



CO_Q1_Filipino sa Piling Larangan-Akademik SHS
Module 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino sa Piling Larangan–Akademik – Senior High School
Alternative Delivery Mode**

**Unang Kwartar-Module 2: Mga Hakbang sa Pagsulat ng Iba’t Ibang
Akademikong Pagsulat
Ikalawang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Mga bumubuo ng Modyul para sa mga Mag-aaral

Manunulat:	Myra C. Cuenca, Jamela R. Amerol
Tagasuri ng Nilalaman:	Jesusa V. Sulayao, Piolen C. Petalver and Desiree E. Mesias
Tagaguhit:	Jay Michael A. Calipusan
Naglayout:	Jay Michael A. Calipusan Mary Jane P. Fabre
Mga Tagapamahala:	Eliseo M. Maribao, EPS-I
Pangulo:	Dr. Arturo B. Bayocot, CESO III Panrehiyong Direktor
Pangalawang Pangulo:	Dr. Victor G. De Gracia Jr. CESO V Pangalawang Panrehiyong Direktor Mala Epra B. Magnaong, Chief ES, CLMD
Miyembro:	Marie Emerald A. Cabigas, PhD, EPS-LRMS; Bienvenido U. Tagolimot, Jr., PhD, EPS-ADM; Eliseo M. Maribao, EPS (Filipino)

Inilimbag sa Pilipinas ng

Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Cagayan de Oro

Office Address: Don Apolinar Veles Street, Cagayan de Oro City, 9000

Telephone Nos.: (088) 881-3094/ Text: 0917-8992245

E-mail Address: misamis.oriental@deped.gov.ph

**Filipino sa Piling
Larangan - Akademik
Unang Markahan – Modyul 2:
Mga Hakbang sa Pagsulat ng
Iba't Ibang Akademikong
Pagsulat**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay binubuo upang hubugin kayong mag-aaral na may kakayahan at kasanayang makaagapay sa pamantayan sa ika-21 na siglo. Layunin ng modyul na itong sanayin kayo sa pagsulat ng iba't ibang sulating lilinang sa kakayahang magpahayag tungo sa mabisa, mapanuri, at masinop na pagsusulat sa piniling larangan.


Dito nalilinig ang kakayahan ninyong bumuo ng isang sulatin alinsunod sa wastong pagsulat ng isang sulating pang-akademiko. Makikita sa loob ng modyul ang iba't ibang istrategyang naaayon sa tamang pag-unawa, hakbangin, detalye at tuntunin sa akademikong pagsulat. Tutulungan ka sa mga inihandang gawain. Alam kong makakaya mo itong sagutin. Kaya mo to! Handa ka na ba? Simulan mo na.

Ang Modyul na ito ay naglalaman ng isang aralin:

- Aralin 1 – Mga Hakbang sa Pagsulat ng Iba't Ibang Akademikong Pagsulat
 - Aralin 1.1 – Abstrak
 - Aralin 1.2 – Sinopsis o Buod
 - Aralin 1.3 – Bionote

Pagkatapos ng modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Naisasagawa nang mataman ang mga hakbang sa pagsulat ng mga piniling akademikong sulatin; **CS_FA12PU-Od-f-92**
2. Natutukoy ang mahahalagang impormasyong pinakinggan upang makabuo ng katitikang-pulong at sintesis o buod; **CS_FAPN-Oj-I-92**
3. Nakasusunod sa istilo at teknikal na pangangailangan ng akademikong sulatin. **CS_FAPU-Od-f-93**



Subukin

Gawain 1

Panuto: Basahin ang bawat talata sa ibaba mula sa buod ng kwentong. **Ang Alibughang Anak** na hango sa Bibliya, Lukas 15:11-32. Isaayos ang bawat talata ayon sa simula, gitna at wakas upang mabuo ang kwento. Isulat sa patlang ang letrang A, B at C.

_____ Inalo siya ng kanyang ama at ipinaliwanag dito ang dahilan na siya ay kasa-kasama at kapiling nito sa lahat ng oras at ang mga ari-arian ay inihabilin nito sa kanya samantalang ang kanyang bunsong kapatid na umalis ay itinuring nang patay ngunit muling nabuhay, nawala ngunit muling nakita.

_____ Dahil sa dinanas na hirap, napagtanto niya ang mga pagkakamaling ginawa kaya napagpasyahan niyang humingi ng tawad, magpakumbaba at bumalik sa kaniyang ama. Dahil sa pagmamahal ng ama sa anak, buong puso niya itong tinanggap at ipinagdiwang pa ang pagbabalik ng anak na siyang ikinasama ng loob ng panganay na anak.

_____ May isang amang may dalawang anak. Kinuha ng bunsong anak ang mana nito at kanyang ginugol sa mga makamundong gawain. Ngunit isang araw ay naubos ang lahat ng kayamanang minana niya at siya'y naghirap at namuhay ng isang kahig at isang tuka.

Aralin

1

Mga Hakbang sa Pagsulat ng Iba't Ibang Akademikong Pagsulat



Balikan

Gawain 1

Ngayon ay handang-handa ka na upang ibahagi ang iyong natutunan sa leksyon natin ukol sa paraan ng pagsulat ng akademikong sulatin. Gamitin mo ang iyong natutunan sa pamamagitan ng pagsulat ng isang buod mula sa napanood na teleserye. Isulat sa isang buong papel.

Paraan ng pagmamarka:

Nilalaman:	10
Organisasyon:	5
Orihinalidad:	5
Kabuuan	<u>20</u>

Sagot:



Tuklasin

Pag-unawa sa Binasa

Ekonomiks sa Diwang Pilipino: Halo-Halo, Tingi-Tingi at Sari-Sari

Tereso S. Tullao, Jr.

Intensyon ng pag-aaral na ito na makapag-ambag sa pagpapaunlad ng wikang Filipino upang lalong mapabilis ang intelektwalisasyon nito. Marapat lamang sundin, hamak man, ang mga katangi-tanging sulatin na pinasimulan ng mga Pilipinong propesor tulad nina Nicanor Tiongson, Virgilio Enriquez, Emerita Quito, Wilfrido Villacorta at Isagani Cruz na gumamit ng wikang Filipino bilang instrumento sa pagsusuri, paglilinaw at pagsasaayos ng mga konseptong naglalarawan ng ating katauhan, buhay at lipunan.

Sa sanaysay na ito, tinalakay at sinuri ang limang pangunahing konsepto sa ekonomiks sa diwang Pilipino. Ang layunin ay hindi lamang upang makapagbigay ng panimulang introduksyon sa isang mahalagang sangay ng agham panlipunan kung hindi gamitin ang kaalamang ito sa paglutas ng pangunahing problemang pangkabuhayan at pangkaunlaran.

Mga Susing Salita: pagpapaunlad ng wika, intelektwalisasyon, konsepto sa ekonomiks, diwang Pilipino, problemang pangkabuhayan at pangkaunlaran.

Gawain 3

Panuto: Base sa nabasang pahayag “Ekonomiks sa Diwang Pilipino: Halo-Halo, Tingi-Tingi at Sari-Sari Ni Tereso S. Tullao, Jr.” Sagutin mo ang hinihingi sa bawat bilang.

1. PAKSA (tungkol saan ang paksang pinag-uusapan sa pahayag na nabasa)
2. LAYUNIN (ano ang intensiyon o adhikain ng pahayag na nabasa)
3. KAHALAGAHAN NG AKADEMIKONG SULATIN (mahalagang konseptongnatutunan sa aralin)

1. PAKSA:

2. LAYUNIN:

3. KAHALAGAHAN NG AKADEMIKONG SULATIN:

**Suriin**

Ano nga ba ang akademikong sulatin?

Ang akademikong sulatin ay isang uri ng pormal na sulating isinasagawa sa isang akademikong institusyon na ginagamitan ng matataas na pamamaraan ng kasanayan sa pagsulat. Taglay ng Akademikong sulatin ang pagkakaroon ng prosesong dapat sundin. Bagamat masalimuot ang proseso ng akademikong sulatin, may maaasahang paraan upang malagpasan ang hamon kaugnay sa pagsulat.

Ang salitang akademiko o **academic** ay mula sa mga wikang Europeo (**Pranses: *academique*; Medieval Latin: *academicus***) noong gitnang bahagi ng ika-16 na siglo. Tumutukoy ito o may kaugnayan sa edukasyon, iskolarsyip, institusyon, o larangan ng pag-aaral na nagbibigay-tuon sa pagbasa, pagsulat, at pag-aaral, kaiba sa praktikal o teknikal na gawain.

([www.oxforddictionaries.com/Piling Larang sa Filipino](http://www.oxforddictionaries.com/Piling_Larang_sa_Filipino); Rex Book Store)

Abstrak

Ang **Abstrak** ay isang buod ng pananaliksik, artikulo, tesis, disertasyon, rebyu, proceedings at papel pananaliksik na naisumite sa komperensiya at iba pang gawain na may kaugnay sa disiplina upang mabilis na matukoy ang layunin ng teksto. Kadalasang makikita ito sa simula pa lang ng manuskrito, ngunit itinuturing ito na may sapat nang impormasyon kung kaya't maaaring mag-isa o tumayo sa kaniyang sarili.

Inilalahad ng Abstrak ang masalimuot na datos sa pananaliksik at pangunahing mga metodolohiya at resulta sa pamamagitan ng paksang pangungusap o kaya'y isa hanggang tatlong pangungusap sa bawat bahagi. Ito'y may layuning magpabatid, mang-aliw at manghikayat.

Ayon kay **Philip Koopman (1997)**, bagamat ang abstrak ay maikli lamang, tinataglay nito ang mahalagang **elemento** o bahagi ng sulating akademiko tulad ng;


1. **Pamagat** - Pinakapaksa o tema ng isang akda/sulatin.
2. **Introduksyon o Panimula** - nagpapakita ng malinaw na pakay o layunin at mapanghikayat ang bahaging ito upang makapukaw ng interes sa mambabasa at sa manunulat.
3. **Kaugnay na literatura** - Batayan upang makapagbibigay ng malinaw nakasagutan o tugon para sa mga mambabasa.
4. **Metodolohiya** - Isang plano sistema para matapos ang isang gawain.
5. **Resulta** - Sagot o tugon para mapunan ang kabuuan ng nasabing sulatin.
6. **Konklusyon** - Panapos na pahayag na naglalaman ng ideya o opinyon na mag-iiwan ng palaisipan kaugnay sa paksa.

Mga Hakbang sa Pagsulat ng Abstrak

1. Basahing mabuti at pag-aralan ang papel o akademikong sulatin na gagawan ng abstrak.
2. Hanapin at isulat ang mga pangunahing kaisipan o ideya ng bawat bahagi ng sulatin mula sa introduksyon, kaugnay na literatura, metodolohiya, resulta at konklusyon.
3. Buuin gamit ang mga talata ang mga pangunahing kaisipang taglay ng bawat bahagi ng sulatin. Isulat ito ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga bahaging ito sa kabuuan ng mga papel.
4. Iwasang maglagay ng mga ilustrasyon, grapiko, talahanayan, at iba pa maliban na lamang kung sadyang kinakailangan.
5. Basahing muli ang ginawang abstrak. Suriin kung may nakaligtaang mahahalagang kaisipang dapat isama rito.
6. Isulat ang **pinal na sipi** nito.

Mga Katangian ng Mahusay na Abstrak

1. Binubuo ng 200-250 na salita
2. Gumagamit ng mga simpleng pangungusap
3. Walang impormasyong hindi nabanggit sa papel
4. Nauunawaan ng target na mambabasa



Pagyamanin

Gawain 4.1: Pagbasa

Panuto: Basahin at intindihin ang Abstrak sa ibaba.

Konsepto ng Bayan isang Akda ng “Kapitan Sino” ni Bob Ong

Camille L. Valdez

Ang bayani ay tinuturing na isang unibersal na karakter na binibigyangbuhay sa midya, sining at panitikan. Isa ang bayani sa mga sentral na tauhan kaya naman hindi kataka-taka na maging laganap ang konseptong ito sa buong mundo. Ang pokus ng pag-aaral na ito ay ang akdang Kapitan Sino ni Bob Ong. Layunin ng pag-aaral na matuklasan ang konsepto ng bayani at pagkabayani sa akda.

Gagamitin ang teoryang arketipo ni Carl Jung at konsepto ng Political Unconscious ni Fredric Jameson. Sa pamamagitan ng kolektibong memorya ni Carl Jung at kolektibong represyon ni Jameson, mabubuo ang isang pagbibigay-kahulugan sa konsepto ng bayani na matatagpuan sa akda.

Mula sa kolektibong memorya, mabubuo ang isang simbolikong imahe mula sa pinagsama-samang karanasan, mithiin at kultura ng iba’t ibang grupo sa iba’t ibang panahon. Mula naman sa kolektibong represyon, matutunghayan ang mga tunggalian at lipunang hindi hayagang makikita. Ang dalawang konseptong ito ay patuloy na umiiral at naggigiit ng impluwensya sa kamalayan ng bayan. Nagkakaroon din ng historikal na pagbagtas sa mga konsepto ng bayani sa umiiral sa lipunan tulad ng mga bayani sa epiko at mga superhero sa komiks.

Sa pag-aaral, matutunghayang umaangkop si Kapitan Sino sa mga katangian ng isang bayani sa teoryang Arketipo ni Jung. Mayroon siyang mga kalakasan at kahinaan. Batay naman sa kolektibong impresyon, mabibigyanglinaw ang mga usapin sa Lipunan ni Kapitan Sino. Makikita ang kontradiksiyon sa lipunan sa tunggalian sa pagitan ng naghaharing uri at di-naghaharing-uri. Ang namamayaning ideolohiya ay nagsisikap na matabunan ang ediolohiya ng nakararaming api sa lipunan na naghahanap ng mga “bayani” na siyang kikilos nang sama-sama upang maging kinatawan ng kanilang kolektibong mga mithiin.

Si Kapitan Sino ay nagsilbing simbolikong resolusyon na inaasam ng mga taga-Pelaez na hindi natatamo sa tunay na Buhay. Ipinakita ni Kapitan Sino na ang


pagkabayani ay hindi nangangailangan ng iisang dakilang taong siyang nagliligtas sa lahat, bagkus ang bayani ay nag-uudyok sa mga taong kumilos at maging bayani din sa kanilang paraan.

Sanggunian:

Pamela C. Constantino, Galileo S. Zafra; Aurora E. Batnag. Filipino sa Piling Larangan (AKADEMIK); Rex Book Store

Gawain 4.2

Panuto: Mula sa binasang akda sa itaas, kilalanin ang mga karagdagang bahagi ng abstrak na binanggit sa loob ng kahon.




Isaisip

Gawain 5

Panuto: Kilalanin kung ano o sino ang tinutukoy sa bawat numero. Isulat sa patlang ang tamang sagot.

- _____ 1. Isang uri ng pormal na sulating isinasagawa sa akademikong institusyon.
- _____ 2. Salitang mula sa wikang Europeo noong gitnang bahagi ng ika-16 na siglo.

- _____3. Ang nagsabing taglay ng Abstrak ang element o bahagi ng sulating akademiko.
- _____4. Ang pinakatema ng akda o sulatin.
- _____5. Panapos na pahayag na naglalaman ng ideya o opinyon na mag-iiwan ng palaisipan kaugnay sa paksa.



Isagawa

Gawain 6

Panuto: Bumuo o sumulat ng isang abstrak o lagom batay sa iyong sariling interes o paksang malapit sa iyong puso. Tandaan ang katangian ng mahusay na Abstrak. Sundin ang pamantayan sa ibaba.

5	4	3	1 - 2
Ang uri ng lagom na nabuo ay talagang organisado, maingat na naisulat, wasto at maingat ang wikang ginamit.	Ang uri ng lagom na nabuo ay organisado, maingat na naisulat at wasto at maingat ang wikang ginamit.	Ang uri ng lagom na nabuo ay bahagyang organisado, naisulat ng may bahagyang kaingatan, may kalasha at may kaangkupan ang wikang ginamit.	Ang uri ng lagom na nabuo ay di naging organisado, hindi maayos ang pagkakasulat, hindi wasto at angkop ang wikang ginamit.




Tayahin

Gawain 7

Panuto: Punan ng angkop na bilang 1-5 ang ilang hakbang sa pagbuo ng akademikong sulatin. Isulat ang sagot sa patlang na inilaan sa bawat numero.


- _____ 1. Pagbuo ng unang draft
- _____ 2. Pagpili ng paksa
- _____ 3. Paglalathala / Pagproseso
- _____ 4. Pag-eedit at Pagrerebisa
- _____ 5. Pinal na paksa



Karagdagang Gawain


Panuto: Kompletuhin ang talahanayan sa ibaba hinggil sa iba't ibang uri ng paglalagom upang matukoy ang mga hinihingi para rito.

	Kahulugan	Katangian	Layunin
Abstrak			



Susi sa Pagwawasto

Susi sa Pagwawasto




	Gawain 1	
	C	
	B	
	A	
Gawain 6	Malayang sagot ng mag-aaral.	
Gawain 7	2	
	1	
	5	
	3	
	6	
	4	
Gawain 8	2	
	1	
	5	
	3	
	2	
	1	
Gawain 5	1. Akademikong Sulatin	
	2. Akademiko o Academic	
	3. Phillip Koopman	
	4. Paksa	
	5. Konklusyon	
Gawain 4	Malayang sagot ng mag-aaral.	
Gawain 3	Malayang sagot ng mag-aaral.	
Gawain 2	Malayang sagot ng mag-aaral.	



Alamin

Ang pagsusulat ay isa sa pinakamahalagang makrong kasanayan na dapat taglayin ng mag-aaral. Ito ay nakatutulong upang lalong mahubog ang kaisipan ng isang tao. Sa araling ito, pag-aaralan natin kung ano nga ba ang buod o sinopsis at ang **bionote** at ano ang mga dapat tandaan at hakbang sa pagsulat nito.



Subukin

Sa pamamagitan ng gawaing ito, susubukin ang kaalaman ng mag-aaral gamit ang pagbibigay ng kaunting ebalwasyon sa tatalakaying aralin.

Gawain 1

Panuto: Basahin nang maayos ang mga pahayag. Pagkatapos, isulat ang tsek (/) kung tama ang pangungusap at ekis (X) kung ito ay mali.

- _____ 1. Ang **bionote** ay isang uri ng lagom na kalimitang ginagamit sa mga akdang nasa tekstong naratibo tulad ng kuwento, salaysay, nobela, dula, parabola, talumpati at iba pang anyo ng panitikan.
- _____ 2. Sa pagsulat ng buod o sinopsis, iwasang magbigay ng iyong sariling pananaw o paliwanag tungkol sa akda. Maging obhetibo sa pagsulat nito.
- _____ 3. Huwag ihanay ang ideyang sang-ayon sa orihinal sa pagbuo ng sinopsis o buod.
- _____ 4. Sa pagbubuod naman ng mga piksyon, tula, kanta, at iba pa, maaring gumawa muna ng **story map** o **graphic organizer** upang malinawan ang daloy ng pangyayari.
- _____ 5. Gumamit ng ikatlong panauhan sa pagsulat nito.

Aralin 1.2

Sinopsis o Buod




Balikan

Sa gawaing ito babalikan ang nakaraang aralin na natalakay na upang malaman ng guro kung naintindihan ba ang natapos na leksyon.

Gawain 2

Panuto: Bigyan ng sariling pagpapakahulugan ang salitang Abstrak batay sa inyong sariling pagkakaintindi. Kumpletuhin ang **concept map** sa ibaba.





Tuklasin

Panuto: Basahin at intindihin nang mabuti ang bawat tagpo sa kuwentong alibughang anak. Pagkatapos mong basahin, sagutin ang konseptong nakapaloob sa talahanayan na may kaugnayan sa kuwentong binasa.

Buod ng Alibughang Anak

May isang amang may dalawang anak. Kinuha ng bunsong anak ang mana nito at kanyang ginugol sa mga makamundong. Dumating ang panahong naubos ang lahat ng kayamanang minana niya at lubos siyang naghirap at nagdalita at namuhay nang masahol pa sa katayuan ng mga alipin sa kanilang tahanan. Dahil sa hirap at sakit na kanyang naranasan, napagtanto niya ang kanyang masasamang ginawa. Nagpasiya siyang bumalik sa kanyang ama, nagpakumbaba at humingi ng tawad. Dahil sa labis na pagmamahal ng ama sa anak, buong-puso niya itong tinanggap, at hindi lang ito, ipinagdiwang pa ang kanyang pagbabalik na ikinasama naman ng loob ng panganay na kapatid dahil ni minsan ay hindi niya naranasanng ipaghanda ng piging ng kanyang ama. Subalit siya ay inalo ng kanyang ama at ipinaliwanag na siya ay lagi niyang kapiling at ang lahat ng ari-arian niya ay para sa kanya subalit ang bunsong anak na umalis ay itinuring nang patay ngunit muling nabuhay, nawala, ngunit muling nasumpungan.

Sanggunian:

Julian A.B. at N.S. Lantoc (2017). Pinagyamang Pluma: Pagsulat sa Filipino sa Piling Larang (Akdemiks). Quezon City, Quezon City, Phoenix Publishing House Inc. (pahina 28)

Gawain 4

Panuto: Basahin ang buod ng Alibughang Anak sa ibaba at pagkatapos mabasa ay bigyan ito ng iba't ibang ideya sa pamamagitan ng pagkompleto sa talahanayang ibinigay na gawain.

IDEYA SA BUOD NG ALIBUGHANG ANAK

1.

2.

3.

4.

5.



Suriin

Sa bahaging ito ay susuriin at pag-aaralan ang mga ang leksyong ibinigay upang masagot ang mga kasunod na gawain sa modyul na ito.

Sinopsi o Buod

Ang **Sinopsis o Buod** ay isang uri ng lagom na kalimitang ginagamit sa mga akdang nasa tekstong naratibo tulad ng kuwento, salaysay, nobela, dula, parabola, talumpati, at iba pang anyo ng panitikan. Ang **buod** ay maaring buuin ng isang talata o higit pa o maging ng ilang pangungusap lamang. Sa pagsulat ng **sinopsis**, mahalagang maibuod ang nilalaman ng binasang akda gamit ang sariling salita. Ang pagbubuod o pagsulat ng sinopsis ay naglalayong makatulong sa madaling pag-unawa sa diwa ng seleksiyon o akda, kung kaya't nararapat na maging payak ang mga salitang gagamitin. Layunin din nitong maisulat ang pangunahing kaisipang taglay ng akda sa pamamagitan ng

pagtukoy sa pahayag ng tesis nito. Sa pagkuha ng mahahalagang detalye ng akda, mahalagang matukoy ang sagot sa sumusunod; **Sino? Ano? Kailan? Saan? Bakit? Paano?** Sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong na ito, maging madali ang pagsulat ng buod.

Sa pagsulat ng **Sinopsis o buod**, mahalagang maipakilala sa mga babasa nito kung anong akda ang iyong ginawan ng buod sa pamamagitan ng pagbabanggit sa pamagat, may-akda at pinanggalingan ng akda. Makatutulong ito upang maipaunawa sa mga mambabasa na ang mga kaisipang iyong inilahad ay hindi galing sa iyo kundi ito ay buod lamang ng akdang iyong nabasa. Iwasan din ang magbigay ng iyong sariling pananaw o paliwanag tungkol sa akda. Maging obhetibo sa pagsulat nito.

Mga Dapat Tandaan sa Pagsulat ng Sinopsis o Buod

Narito ang ilang mahahalagang bagay na dapat tandaan sa pagsulat ng buod o synopsis:

1. Gumamit ng ikatlong panauhan sa pagsulat nito.
2. Isulat ito batay sa tono ng pagkakasulat ng orihinal na sipi nito. Kung ang damdaming naghahari sa akda ay malungkot, dapat na maramdaman din ito sa buod na gagawin.
3. Kailangang mailahad o maisama na rito ang mga pangunahing tauhan maging ang kanilang mga gampanin at mga suliraning kanilang kinaharap.
4. Gumamit ng mga angkop na pang-ugnay sa paghabi ng mga pangyayari sa kuwentong binubuo ng dalawa o higit pang talata.
5. Tiyaking wasto ang gramatika, pagbabaybay at mga bantas na ginamit sa pagsulat.
6. Huwag kalimutang isulat ang sangguniang ginamit kung saan hinango o kinuha ang orihinal na sipi ng akda.

Mga hakbang sa pagsulat ng Sinopsis o Buod



Narito naman ang mga hakbang na maaaring gamitin sa masining at maayos na pagsulat ng buod ng isang akda:


1. Basahin ang buong seleksyon o akda at unawaing mabuti hanggang makuha ang buong kaisipan o paksa ng diwa.
2. Suriin at hanapin ang pangunahin at di pangunahing kaisipan.
3. Habang nagbabasa, magtala at kung maaari ay magbalangkas.

4. Isulat sa sariling pangungusap at huwag lagyan ng sariling opinyon o kuro-kuro ang isinulat.
5. Ihanay ang ideyang sang-ayon sa orihinal.
6. Basahin ang unang ginawa, suriin at kung mapaiikli pa ito ng hindi mababawasan ang kaisipan ay lalong magiging mabisa ang isinulat na buod.

Sa **pagbubuo** naman ng mga piksyon, tula, kanta at iba pa, maaring gumawa muna ng **story map** o **graphic organizer** upang malinawan ang daloy ng pangyayari. Pagkatapos, isulat ang buod sa isang talata kung saan ilalahad ang pangunahing karakter, ang tunggalian, at ang resolusyon ng tunggalian

Narito ang ilang halimbawa ng **story map**:





Pagyamanin

Pag-unawa sa binasa:

Narito ang halimbawa ng isang tula. Basahin at unawain.

May Huklubang Ama sa May Tumba-tumba

May huklubang ama sa tumba-
tumba
At ikaw, binata, ang kaniyang
kausap,
Dumuduyan-duyan sa buntung-
hininga.

Hangad mo ang palad ng
kaniyang dalaga
Kaya nagtatakang hingin ang
basbas
Ng huklubang ama sa may
tumba-tumba.

Iyong hinintay ang tamang
entrada
Ngunit dila'y putol, wika'y
tumatakas,
Dumuduyan-duyan sa buntung
hininga.

Kada isang kilos, wari'y
minamata

At ngayon, para bang gusto mong
lumayas

Ang huklubang ama sa may tumba-
tumba.

Ang iyong kongklusyon inipong pag-
asa'y
Mistulang kulisap sa lantang bulaklak,
Dumuduyan-duyan sa buntung
hininga.

Ngunit kung puso mo'y ipagbukas pa,
Baka magsisi ka at maging katulad
Ng huklubang ama sa may tumba-
tumba
Dumuduyan-duyan sa buntung-
hininga.

*(Vladimeir Gonzales, halaw sa
tulang Proposals ni Edwin
Thumboo, Ugat, 2003)*

Gawain 4

Panuto: Basahin ang Tulang **May Huklubang Ama sa May Tumba-tumba.** Pagkatapos isulat ang buod sa pamamagitan ng **Graphic organizer.**

PAMAGAT

SIMULA

GITNA

WAKAS



Isaisip


Panuto: Basahin at unawain ang ibinigay na pangungusap, isulat ang **TSEK (✓)** kung sa tingin mo ay tama ang nakasaad na pangungusapn at **EKIS (X)** naman kung ito ay mali. Isulat ang sagot sa patlang.

- _____ 1. Sa pagbuo ng sinopsis o buod, habang nagbabasa, magtala at kung maaari ay magbalangkas.
- _____ 2. Ang Abstrak ay isang uri ng lagom na kalimitang ginagamit sa mga akdang nasa tekstong naratibo tulad ng kuwento, salaysay, nobela, dula, parabola, talumpati at iba pang anyo ng panitikan.
- _____ 3. Layunin ng buod o sinopsis na maisulat ang pangunahing kaisipang taglay ng akda sa pamamagitan ng pagtukoy sa pahayag ng tesis nito.
- _____ 4. Tiyaking di-wasto ang gramatika, pagbabaybay at mga bantas na ginamit sa pagsulat.

Gawain 5.2

Panuto: Pagsunod-sunorin ang mga hakbang sa pagsulat ng Sinopsis o Buod. Pumili ng numero mula **1-6** para mapagsunod-sunod ito at isulat sa patlang ang sagot.

- _____ Habang nagbabasa, magtala at kung maaari ay magbalangkas.
- _____ Isulat sa sariling pangungusap at huwag lagyan ng sariling opinion o kuro-kuro ang isinulat.
- _____ Basahin ang buong seleksyon o akda at unawaing mabuti hanggang makuha ang buong kaisipan o paksa ng diwa.
- _____ Suriin at hanapin ang pangunahin at di pangunahing kaisipan.
- _____ Basahin ang unang ginawa, suriin at kung mapaiikli pa ito nang hindi mababawasan ang kaisipan ay lalong magiging mabisa ang isinulat na buod.
- _____ Ihanay ang ideyang sang-ayon sa orihinal.



Isagawa

Gawain 6

Panuto: Batay sa iyong karanasan, sumulat ng mahalagang pangyayaring hindi mo makakalimutan na nagtataglay ng **simula**, **gitna** at **wakas** alinsunod sa wastong pagsulat ng buod o sinopsis. Isulat sa sagutang papel.



Tayahin


Sa pamamagitan ng pagbibigay ebalwasyon, susubukin ang kaalaman ng mag-aaral gamit ang gawain sa ibaba upang malaman ang kanilang naintindihan sa araling natalakay sa modyul na ito.

Gawain 7

Panuto: Basahin nang maayos ang tanong at bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ang _____ ay isang uri ng lagom na kalimitang ginagamit sa mga akdang nasa tekstong naratibo tulad ng kuwento, salaysay, nobela, dula, parabola, talumpati, at iba pang anyo ng panitikan.
 - a. Pagsulat ng sinopsis o buod
 - b. Pagsulat ng bionote
 - c. Pagsulat ng abstrak
 - d. Posisyong papel
2. Layunin ng _____ na maisulat ang pangunahing kaisipang taglay ng akda sa pamamagitan ng pagtukoy sa pahayag ng tesis nito.
 - a. Pagsulat ng sinopsis o buod
 - b. Pagsulat ng bionote
 - c. Pagsulat ng abstrak
 - d. Posisyong papel
3. Tiyaking wasto ang _____, pagbabaybay, at mga bantas na ginamit sa pagsulat.
 - a. sukat
 - b. tugma
 - c. gramatika
 - d. idyoma

4. Sa pagsulat ng sinopsis o buod basahin ang buong _____ at unawaing mabuti hanggang makuha ang _____ buong kaisipan o paksa ng diwa.
- simula lamang ng seleksyon
 - wakas lamang ng seleksyon
 - buong seleksyon o akda
 - gitna lamang ng akda
5. Sa pagsulat ng buod o sinopsis iwasang magbigay ng _____.
- sariling pananaw
 - ideyang sang-ayon sa orihinal
 - obhetibong
 - di obhetibong pananaw




Karagdagang Gawain

Gawain 8

Panuto: Manood ng Pelikulang **Anak** na pinagbidahan ni **Ms. Vilma Santos at Claudine Baretto** sa **link** na ibinigay sa ibaba, pagkatapos mapanood ay bigyan ito ng sariling buod. Isulat ang buod sa baba.

<https://pinoymovieshub.co/movies/anak-2000/>

Buod ng Pelikulang Ang Anak




Susi sa Pagwawasto

Susi sa Pagwawasto	
Sinopsis/Buod	
Gawain 1: Pre-Test	1 . X 2 . / 3 . X 4 . / 5 . /
Gawain 6	
6.1	
1 . X 2 . X 3 . / 4 . X	
6.2	
1 . 3 2 . 4 3 . 1 4 . 2 5 . 6 6 . 5	
Gawain 7: Post Test	
1 . a 2 . a 3 . c 4 . c 5 . a	



Alamin

Sa araling ito, pag-aaralan mo kung paano gumawa ng isang bionote. Kalakip dito ay ang mga dapat tandaan sa pagsulat nito. Handa ka na ba sa araling ito? Kung handa ka na, ipagpatuloy mo ang pag-aaral nang maayos sa araling ito.



Subukin

Sa pamamagitan ng gawaing ito, susubukin ang kaalaman ng mag-aaral gamit ang pagbibigay ng kaunting ebalwasyon sa tatalakaying aralin.

Gawain 1

Panuto: Basahin nang maayos ang pahayag. Pagkatapos, isulat ang tsek (/) kung tama ang pangungusap at ekis (X) kung ito ay mali.

- _____ 1. Ang buod ay maituturing ding isang uri ng lagom na ginagamit sa pagsulat ng personal profile ng isang tao.
- _____ 2. Ang **bionote** ay kadalasang makikita o mababasa sa mga journal, aklat, abstrak ng mga sulating papel, **websites** at iba pa.
- _____ 3. Ang **Bionote** ay may pagkakatulad sa talambuhay o **autobiography**.
- _____ 4. Basahing muli at muling isulat ang pinal na sipi ng iyong **bionote**.
- _____ 5. Ang buod ay upang ipakilala ang isang natatanging indibidwal na bibigyan ng parangal.



Balikan

Babalikan ang nakaraang aralin upang malaman ng guro kung naintindihan ba ang natapos na leksyon.

Gawain 2

Panuto: Sagutin ang mga katanungan ng guro ukol sa natapos na araling natalakay.

1. Ano ang Sinopsis o Buod?
2. Paano nakakatulong ang paggawa ng story map o graphic organizer sa paggawa ng sinopsis o buod sa isang kuwento?
3. Sa iyong sariling opinyon, ano-ano ang mga alam mo na dapat na hakbang sa pagsulat ng sinopsis o buod?



Tuklasin

Gawain 3

Panuto: Bigyan ng sariling pagpapakahulugan ang salitang **BIO** at **NOTE**.

BIO

NOTE



Suriin

Sa gawaing ito, pag-aaralan ang leksyong ibinigay upang makasagot sa mga aktibiti na ibinigay sa modyul.

Bionote

Ang **Bionote** ay maituturing ding isang uri ng lagom na ginagamit sa pagsulat ng **personal profile** ng isang tao. Marahil ay nakasulat ka na ng iyong talambuhay o tinatawag sa Ingles na **autobiography** o kaya ng kathambuhay o katha sa buhay ng isang tao o **biography**. Parang ganito rin ang bionote ngunit ito ay higit na maikli kompara sa mga ito. Ayon kay Duenas at Sanz (2012) sa kanilang aklat na **Academic Writing for Health Sciences**, ang **bionote** ay tala sa buhay ng isang tao na naglalaman ng buod ng kanyang **academic career** na madalas ay makikita o mababasa sa mga journal, aklat, abstrak ng mga sulating papel, websites, at iba pa.


Kadalasan, ito ay ginagamit sa paggawa ng bio-data, resume, o anumang kagaya ng mga ito upang ipakilala ang sarili para sa isang propesyonal na layunin. Ito rin ang madalas na mababasa sa bahaging “Tungkol sa Iyong Sarili” na makikita sa mga **social network o digital communication sites**. Layunin din ng bionote na maipakilala ang sarili sa madla sa pamamagitan ng pagbanggit ng mga personal na impormasyon tungkol sa sarili at maging ng mga nagawa o ginagawa sa buhay.

Mga bagay na dapat tandaan sa pagsulat ng Bionote

1. Sikaping maisulat lamang ito sa nang maikli. Kung ito ay gagamitin sa resume, kailangang maisulat ito gamit ang 200 salita. Kung ito naman ay

gagamitin para sa **networking site**, sikapping maisulat ito sa loob ng lima (5) hanggang anim (6) na pangungusap.

2. Magsimula sa pagbanggit ng mga personal na impormasyon o detalye tungkol sa iyong buhay. Maglagay rin ng mga detalye tungkol sa iyong mga interes. Itala rin ang iyong mga tagumpay na nakamit, gayunman, kung ito ay marami, piliin lamang ang dalawa (2) o tatlong (3) na pinakamahalaga.
3. Isulat ito gamit ang ikatlong panauhan upang maging litaw na obhetibo ang pagkakasulat nito.
4. Gawing simple ang pagkakasulat nito. Gumamit ng mga payak na salita upang madali itong maunawaan at makamit ang totoong layunin nitong maipakilala ang iyong sarili sa iba sa maikli at tuwirang paraan. May
5. Ibang gumagamit ng kaunting pagpapatawa para higit na maging kawiliwili ito sa mga babasa, gayunman iwasang maging labis sa paggamit nito. Tandaan na ito ang mismong maglalarawan kung ano at sino ka.
6. Basahing muli at muling isulat ang pinal na sipi ng iyong **bionote**. Maaring ipabasa muna ito sa iba bago tuluyan itong gamitin upang matiyak ang katumpakan at kaayusan nito.




Pagyamanin

Basahin ang mga halimbawa ng **Bionote** sa loob ng kahon.

Si **Galileo S. Zafra** ay isang propesor, mananaliksik, at tagasalin. Nagtapos siya ng kaniyang doktorado sa larangan ng Panitikan ng Pilipinas sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa University of the Philippines-Diliman. Dito rin siya kasalukuyang nagtuturo ng mga kurso sa Panitikan, Wika, at araling Filipino. Nakapaglathala na siya ng mga aklat tulad ng **Balagtasán: Kasaysayan at Antolohiya (1999)**, at nakapag-**edit** ng serye ng *Sawikaan: Mga Salita Mula sa Iba't Ibang Wika sa Filipinas* na kapuwa proyekto ng Filipinas Institute of Translation at UP Press. Aktibo rin siyang kontribyutor sa mga akademikong journal sa iba't ibang pamantasan at institusyong pangkultura.

Gawain 4

Panuto: Batay sa halimbawa sa itaas, gawan ng **bionote** ang inyong Punong Guro o kahit na sinong guro na alam mo sa inyong paaralan. Isulat ito sa kahon.




Isaisip

Gawain 5


Panuto: Kumpletuhin ang pangungusap sa pamamagitan ng pagsulat ng angkop na salita sa nakalaang patlang.

1. Ang **bionote** ay _____ sa buhay ng isang tao na naglalaman ng buod ng kanyang **academic career**.
2. Ang _____ ay maituturing ding isang uri ng lagom na ginagamit sa pagsulat ng **personal profile** ng isang tao.
3. Ang bionote ay maihahalintulad sa _____ ngunit mas higit na maikli ang pagsulat ng bionote kumapara rito.
4. Ayon kay _____ at _____ ang **bionote** ay tala sa buhay ng isang tao na naglalaman ng buod ng kanyang **academic career** na madalas ay makikita o mababasa sa mga journal, aklat, abstrak ng mga sulating papel, websites, at iba pa.
5. Ang **bionote** ay kadalasang ginagamit sa paggawa ng _____, resume, o anumang kagaya ng mga ito upang ipakilala ang sarili para sa isang propersyonal na layunin.



Isagawa

Panuto: Batay sa sarili mong kaalaman o pagkakaunawa, itala kung ano ang pagkakaibo o pagkakatulad ng **Bionote** at **Talambuhay** sa pamamagitan ng Venn iagram.



Tayahin


Sa pamamagitan ng pagbibigay ng ebalwasyon, susubukin ang kaalaman mo gamit ang gawain sa ibaba upang malaman ang iyong naintindihan sa araling natalakay sa modyul na ito.

Gawain 7

Panuto: Basahin ng maayos ang tanong at bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ang **bionote** ay _____ sa buhay ng isang tao na naglalaman ng buod ng kanyang **academic career**.
 - a. tula
 - b. talumpati
 - c. tala
 - d. awit

2. Kung ito naman ay gagamitin para sa **networking site**, sikaping maisulat ito sa loob ng _____ na pangungusap.
- 4 hanggang 5
 - 7 hanggang 9
 - 8 hanggang 10
 - 5 hanggang 6
3. Sa pagsulat ng **bionote** kailangang gumamit ng _____ upang maging malinaw at madali itong maunawaan.
- talasalitaan
 - payak na salita
 - idyoma
 - character ketch*
4. Ang **bionote** ay maituturing ding isang uri ng lagom na ginagamit sa pagsulat ng _____ ng isang tao.
- Personal Profile
 - tula
 - maikling kuwento
 - epiko
5. Sa pagsulat ng **bionote**, isulat ito gamit ang _____ upang maging litaw na obhetibo ang pagkakasulat nito.
- Unang Panauhan
 - Ikalawang Panauhan
 - Ikatlong Panauhan
 - Ikaapat na Panauhan



Karagdagang Gawain

Gawain 8.1

Panuto: Pumunta sa inyong **Barangayhall** o **Health Center** sa inyong komunidad at makipanayam sa isa sa mga empleyado na nagtatrabaho doon at kunin ang kanilang Bio-data gamit ang mga sumusunod na mga katanungan.

1. Personal na impormasyon

- a. Pangalan: _____
- b. Status: _____
- c. Kasarian: _____
- d. Petsa ng kapanganakan: _____
- e. Lugar ng kapanganakan: _____
- f. Trabaho o Propesyon: _____
- g. Magulang: _____


2. Mga Natapos na Pag-aaral:

Gawain 8.2

Panuto: Sagutin ang mga katanungan tungkol sa iyong ginawang pakikipanayam. Isulat ang sagot sa ibinigay na patlang.


- Ano ang masasabi mo sa ginawa mong pakikipanayam?

- Sa tingin mo, nakatulong ba sa iyo ang ginawang aktibidades upang lubos mong maintindihan ang aralin na ito?



Susi sa Pagwawasto

Susi sa Pagwawasto



Note

Gawain 1: Pre-Test

1. X
2. /
3. /
4. /
5. X

Gawain 6:

1. *Tala*
2. *Blonde*
3. *Talambuhay* o *Kathambuhay*
4. *Duenas* at *Sanz*
5. *Bio-data*

Gawain 8: Post Test

1. c
2. d
3. b
4. a
5. c

Sanggunian:

Pamela C. Constantino, Galileo S. Zafra; Aurora E. Batnag. Filipino sa Piling Larangan (AKADEMIK); Rex Book Store

Julian A.B. at N.S. Lantoc (2017). Pinagyamang Pluma: Pagsulat sa Filipino sa Piling Larang (Akdemiks). Quezon City, Quezon City, Phoenix Publishing House Inc. (pahina 28)

Internet Sites:

<https://pinoymovieshub.co/movies/anak-2000/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources
(DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph